REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-8196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 95-212

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG TAOS-PUSONG PASASALAMAT KAY SENADOR ALBERTO ROMULO, SENATE MAJORITY FLOOR LEADER SA MASIGASIG NA PAGSUPORTA AT PAGMAMALASAKIT UPANG ANG BAYAN NG MUNTINLUPA AY MAGING GANAP NA LUNGSOD O HIGHLY-URBANIZED CITY.

*************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

*************************************************************

SAPAGKAT, ang anumang gawain na makapagbibigay kaluwagan at kaunlaran sa magandang layunin ay nararapat lamang bigyan ng pagpapahalaga manapa'y suklian ng katapat na kabutihan;

SAPAGKAT, ang Kagalang-galang na Senador Alberto Romulo ng Mataas na Kapulungan ng Kongreso ay hindi mamamayan ng Muntinlupa ngunit nagpakita ng sigasig upang ang Bayan ng Muntinlupa ay magtamo ng minimithing kaunlaran sa pamamagitan ng pagiging highly-urbanized city nito;

SAPAGKAT, ang nabanggit na butihing Senador ay nagpakita ng gilas at talino upang ang panukalang maging lungsod o highly-urbanized city ang Bayan ng Muntinlupa ay maitaguyod at maipasa;

SAPAGKAT, tulad ng taal at naninirahang mamamayan, hindi pangkaraniwan ang ipinamalas na malasakit ng magiting na mambabatas para sa Bayan ng Muntinlupa.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa mosyon ng Kgg. Rey E. Bulay at pinangalawahan ng Kgg. Melchor R. Teves ay pinagpasiyahan na pagtibayin ang pagbibigay ng taos-pusong pasasalamat kay Senador Alberto Romulo, Senate Majority Floor Leader sa masigasig na pagsuporta at pagmamalasakit upang ang Bayan ng Muntinlupa ay maging ganap na lungsod o highly-urbanized city.

PINAGTIBAY ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-120th regular na pulong na ginanap ngayong ika-13 ng Pebrero, 1995.

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bayan Bilang 95-212

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Liban)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. BALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan